

Mga Kinakailangan sa Pamublikong Kalusugan para sa Pansamantalang Paggamit ng Mga Sasakyang Panlibangan (RV) at Mga Naililipat na Tahanan (Mobile Home) sa mga Ari-arian na Naapektuhan ng Sunog

Pebrero 27, 2025

KALUSUGAN NG KAPALIGIRAN (ENVIRONMENTAL HEALTH)



Habang itinatayo mong muli ang iyong tahanan, maaaring gamitin ang isang Sasakyang Panlibangan (Recreational Vehicle [RV]) o Naililipat na Tahanan (Mobile Home) bilang pansamantalang pabahay. Bago gamitin ang pansamantalang tirahan, sumangguni sa iyong mga lokal na kagawaran sa pagpapalano ng lungsod para sa mga kinakailangan at mga pag-apruba. Ang mapagkukunang gabay na ito ay nagkaloob ng impormasyon tungkol sa mga kinakailangan ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan para sa pansamantalang tirahan.

PAGTATAPON NG MARUMING TUBIG

Programa sa Paglilinis at Paggamot ng Maruming Tubig (Wastewater Treatment) sa Lugar: (626) 430-5380

Para makakuha ang pag-apruba mula sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan (DPH) para sa pagtatapon ng maruming tubig mula sa isang Sasakyang Panlibangan (Recreational Vehicle [RV]) o Naililipat na Tahanan (Mobile Home), mangyaring isumite ang sumusunod na dokumentasyon para sa pagrerepaso:

<p>Ang mga Sasakyang Panlibangan (mga RV) ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga motorhome, ang mga travel trailer, mga camping trailer, mga fifth wheel trailer, o mga truck camper.</p>	<p>Opsyon 1</p> <p>Upang magamit ang kasalukuyang sistema ng septiko (septic system) sa ari-arian, mangyaring isumite ang sumusunod na mga pormularyo (form):</p> <p>Ang "Pormularyo (Form) sa Pagusuri para sa Sistema ng Gumagana ng Naglilinis/Naggagamot ng Tubig sa Lugar [Evaluation Form for Existing Onsite Water Treatment System (OWTS)]" na kinumpleto ng Kwalipikadong Kontratista (Qualified Contractor [QC]) ng sistema ng septiko (septic system). Ang QC ay isang indibidwal na nagtataglay ng isang balidong Lisensya ng Kontratista ng California" bilang: Class A, C 42, o C 36.</p> <p>Ang pormularyo (form) ay makukuha sa: http://publichealth.lacounty.gov/eh/business/onsite-wastewater-treatment-system.htm</p>
	<p>Opsyon 2</p> <p>Upang ang imbakan ng tangke (holding tank) ng iyong RV ay mabomba (pumped) sa lugar, mangyaring magbigay ng kopya ng kasalukuyang kontrata sa isang kumpanyang nagbobomba ng dumi sa alkantarilya (sewage) na lisensyadong magpatakbo sa Los Angeles County.</p>
<p>Mga Naililipat na Tahanan (Mobile Homes)</p>	<p>Upang magamit ang kasalukuyang sistema ng septiko (septic system) sa ari-arian, mangyaring isumite ang sumusunod na mga pormularyo (form):</p> <p>Ang "Pormularyo (Form) sa Pagusuri para sa Sistema ng Gumagana ng Naglilinis/Naggagamot ng Tubig sa Lugar (OWTS)]" na kinumpleto ng Kwalipikadong Kontratista (Qualified Contractor [QC]) ng septiko (septic). Ang QC ay isang indibidwal na nagtataglay ng isang balidong Lisensya ng Kontratista ng California" bilang: Class A, C 42, o C 36.</p> <p>Ang pormularyo (form) ay makukuha sa: http://publichealth.lacounty.gov/eh/business/septic-systems.htm.</p>

*Taning ang mga sistema ng septiko (septic systems) na may paunang pag-apruba mula sa DPH o ng lokal na Kagawaran ng Gusali at Kaligtasan (Building and Safety Department [B&S]) lamang ang kwalipikado para magamit sa pansamantalang sasakyang tirahan. Upang humiling ng kopya ng naunang pag-apruba ng sistema ng septiko, kontakin ang Programa sa Paglilinis at Paggamot ng Maruming Tubig sa Lugar (Onsite Wastewater Treatment) o sa iyong lokal na kagawaran ng Gusali at Kaligtasan.

NAIINOM NANG TUBIG

Programa sa Inuming Tubig: (626) 430-5420

Mga kailangan sa naiinom na tubig:

- Kung ikaw ay pinagsisilbihan ng isang kumpanya ng tubig (hal., LA DWP, Las Flores Water Company, Kinneloa Irrigation District, LA County Waterworks District 29, atbp.), kokontakin ng Pampublikong Kalusugan ang iyong kumpanya ng tubig upang makuha ang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng tubig. Kung ikaw naman ay tumatanggap ng inuming tubig mula sa balon na matatagpuan sa iyong ari-arian:
 - Pagkatapos aprubahan ang "Aplikasyon para sa Muling Paggamit ng Balon", ang Programa sa Inuming Tubig ay mag-iisyu ng ng **Sulat sa Pagkakaroon ng Tubig** para sa pagsusumite ng iyong aplikasyon sa Kagawaran ng Pagpapalano sa Rehiyon (Department of Regional Planning [DRP]).
 - Pagkatapos aprubahan ang "Aplikasyon para sa Muling Paggamit ng Balon", ang Programa sa Inuming Tubig ay mag-iisyu ng ng **Sulat sa Pagkakaroon ng Tubig** para sa pagsusumite ng iyong aplikasyon sa Kagawaran ng Pagpapalano sa Rehiyon (Department of Regional Planning [DRP]).

Kung mayroon kang natatanging mga kalagayan o nangangailangan ng anumang karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang **Programa sa Paglilinis at Paggamot ng Maruming Tubig sa Lugar (Onsite Wastewater Treatment Program)** sa **(626) 430 5380**.